THE LORD'S FLOCK
GROWTH DIGEST
PASTORAL GROWTH SERIES

## Paglalantad Kay Satanas: Pag-iingat (Pang – 3 sa 8 Bahagi)

Sis Techie Rodriquez, Elder- Founder
February 17, 2021

Ang pag-iingat ay pagbibigay ng babala sa tao para makapag-ingat. Sa Bibliya, pangunahan, payuhan at sabihan ang mga ibig ding sabihin, at sinasabi sa 1Pet 5:8 na maging alerto at mahinahon dahil ang demonyo ay naghahanap ng biktimang sasakmalin. Sa pagsunod ng mga alagad sa payo ng Diyos, maingat dapat tayong magbantay at magdasal na nawa madaig natin ang tukso dahil ang espiritu'y nakahanda ngunit mahina ang laman (Mt. 26:41).

**Gawain ng Satanas (7 P's)**

**1.Pagkawasak.** Sa 1Tim. 6:9, "Ang mga nagnanasang yumaman sa anumang paraan ay mahuhulog sa tukso at sa bitag ng masasamang hangaring magtutulak sa kanila sa kapahamakan."

1.1 Sa Jn. 10:10, "Kaya lamang pupunta rito ang magnanakaw, pumatay at magwasak..."

**2. Paggambala.** Laging ginagambala ang mga alagad ng Diyos para mapigilan sila sa pagpapalaganap sa salita ng Diyos.

2.1 Sa Gal. 5:7 "Mabuti na sana ang inyong ginagawa. Sino ang pumigil sa inyo sa pagsunod sa katotohanan?"

**3. Paghina ng loob.** Nanghina ang loob ni Elias noong may dumating na mga pagsubok (1Hari 19:5). Kung tayo'y nanghihina, dapat sumama tayo sa isang pamayanang nagdadasal para sa isa't-isa.

**4. Pagkalumbay.** Dahil sa mga Medianita, nalungkot ang Israel, at tumawag sila ng tulong mula sa Diyos (Hukom 6:36-40).

**5. Pagkadismaya.** Ito ang pakiramdam na walang kakayahang maglingkod sa Diyos; ngunit, maganda ang sagot ni Inang Maria, "Ako'y alipin ng Panginoon. Mangyari sa akin ang iyong sinabi" (Lk. 1:38).

**6. Paghahati-hati.** Sa Judas 1:19, "Ito ang mga taong lumilikhang pagkakabaha-bahagi, mga taong pinaghaharian ng kanilang mga pita at di pinanahanan ng Espiritu." Nakikita ni San Pablo ang pagkabaha-bahagi sa simbahan: pag-aaway-away, paghiwa-hiwalay, at pagtsi-tsismis (1 Cor. 1:10).

**7. Pagkawala ng Pag-asa**. Sa 2Cor. 4:8, "Ginigipit kami sa kabi-kabila ngunit di nagagapi. Kung minsan nag-aalinlangan kami ngunit di nawawalan ng pag-asa."

Sa aklat ni Job, nalaman natin paano siya sinubok ni Satanas:

1. Sinubok siya sa kanyang pananampalataya.
2. Sinubok siya sa kanyang pananalapi.
3. Sinubok siya sa kanyang pamilya.
4. Sinubok siya sa kanyang kalusugan.
5. Sinubok siya sa kanyang mga kaibigan.
6. Sinubok siya na may pighati.

**Konklusyon:**

Sa ikatlong bahaging ito, natutunan natin ang iba't ibang gawain ni Satanas at kung paano niya sinubok si Job. Magpapatuloy na aali-aligid na parang leon si Satanas at dahan-dahang papasok sa buhay natin kung di tayo alerto. Pinahintulutan ng Diyos ang mga pagsubok para maging malakas tayo sa kaluwalhatian ng Diyos. Nais ng Diyos na magtagumpay tayo at sa pamamagitan lamang ng pag-iingat sa mga gawain at pagsubok ni Satanas magiging matagumpay ang espiritwal nating laban.

**Pagninilay:**

1.Paano tayo magsasanay sa mga pagsubok ni Satanas sa atin at sa ating pamilya?

2. Ano ang gagawin mo para mahadlangan ang pagpasok ni Satanas sa ating pamamahay?

3. May pamayanan bang makatutulong sa espiritwal na laban mo? Paano sila makatutulong?

**Isinalin ni:** Sis. Nida A. Cruz
**Na-edit at inaprobahan ni:** Sis. Vera I. Tuplano
**For more teachings, visit our website:**
https://lordsflock.org/teachings/readingmaterials
Tags: #labangespiritwal, #masama #pagsubok